

# Magsisimula ang pagpapakilala ng bivalent na booster (pampalakas) para sa 18 taong gulang at mas matanda

Setyembre 14, 2022 [Mga katanungan sa media](#)

Simula sa Setyembre 21, ang mga tipanan para sa bivalent na COVID-19 booster na bakuna ay maaaring gawin, kasama ang pagbibigay ng bakuna na magsisimula din sa Setyembre 21.

Pagkatapos ng masinsinan at independiyenteng siyentipikong pagsusuri, inaprubahan ng Health Canada ang Moderna Spikevax Bivalent COVID-19 na bakuna bilang dosis ng booster (pampalakas) para sa mga karapat-dapat na mga Albertan na 18 taon at mas matanda.

Ang bivalent na bakuna sa COVID-19 ay nagpapalitaw ng mas malakas na tugon ng panlaban sa sakit at nagbibigay ng karagdagang proteksyon laban sa Omicron at sa orihinal na uri ng SARS-CoV-2 na virus.

Ang mga Albertan na nakakumpleto ng mga pangunahing serye ay karapat-dapat para sa bivalent na bakuna. Ang inirerekomendang agwat sa pagitan ng mga dosis ay hindi bababa sa limang buwan mula sa huling dosis o nakaraang impeksiyon.

Maaaring isaalang-alang ang pinaikling agwat ng tatlong buwan (halimbawa, para sa mga indibidwal na may mas mataas na panganib para sa malalang resulta), ngunit ang mas mahabang agwat sa pagitan ng mga dosis ay humahantong sa isang mas mahusay na pagtugon ng panlaban sa sakit sa COVID-19 na impeksyon na inaasahang magtatagal.

## Pagiging karapat-dapat sa bakuna

Simula Setyembre 21, ang mga residente ng Alberta na 18 taong gulang at mas matanda na kwalipikado para sa bivalent na bakuna ay kabilangan ng:

- Mga taong nakakumpleto ng anumang mga pangunahing serye, kabilang ang isang halo ng mga bakunang AstraZeneca, Pfizer at Moderna, at may hindi bababa sa limang buwang pagitan mula noong huling dosis o pinakabagong impeksyon.
- Mga indibidwal na nakatanggap ng anumang bilang ng mga nakaraang booster at may hindi bababa sa limang buwang pagitan mula noong huling dosis o pinakahuling impeksyon.

Ang bivalent COVID-19 na bakuna ay inaasahang makuha sa huling bahagi ng Setyembre/unang bahagi ng Oktubre para sa mga Albertan na 12-17 taong gulang

Bilang karagdagan, simula sa linggo ng Oktubre 3, ang bivalent na booster (pampalakas) ay iaalok sa mga residente ng pasilidad sa pangangalaga ng nagtipon na matatanda, kasama ng bakuna sa trangkaso.

## **Paggawa ng tipanan sa pagbabakuna**

Ang mga bakuna ay makukuha sa mga kalahok na parmasya at mga medikal na klinika ng komunidad, at mga piling AHS na lugar. Ang mga paggawa ng tipanan ay magagawa sa pamamagitan ng Alberta Vaccine Booking System sa [alberta.ca/vaccine](https://alberta.ca/vaccine) o sa pamamagitan ng pagtawag sa Health Link sa 811. Ang mga tipanan para sa pinaikling pagitan ng hindi bababa sa tatlong buwan ay hindi maaaring gawin sa online.

Ang ilang mga parmasya ay maaaring tumanggap ng mga walk-in. Kung ang iyong lokal na parmasya ay hindi nakalista sa sistema ng pagpapatala, direktang makipag-ugnayan sa kanila o bisitahin ang [bluecross.ca](https://bluecross.ca) upang makahanap ng parmasya na malapit sa iyo.

Ang mga indibidwal na nakatira sa isang First Nations reserve ay maaaring makakuha ng mga dosis sa pamamagitan ng mga istasyon ng pag-aalaga o mga klinika ng pampublikong kalusugan sa reserve.

## **Kaugnay na impormasyon**

- Mga bakuna at mga tala ng impormasyon sa COVID-19
- Impormasyon ng AHS sa pagpapatala para sa bakuna